

## 9. Mga serbisyong pangkalusugan at pangsuporta para sa mga partikular na grupo

Sa Queensland maraming iba't-ibang sari ng serbisyong pangkalusugan at pangsuporta na tumatalakay sa pangangailangan ng mga partikular na grupo ng populasyon sa komunidad tungkol sa pangkalusugan at kailangang suporta. Ang mga ito ay ibinibigay ng mga samahang pampamahalaan at di-pampamahalaan. Nakalista sa ibaba ang mga pangunahing programa at serbisyong ito.

### 13HEALTH (13 43 25 84)

- nagbibigay ng angkop na pagpapayo tungkol sa kalusugan
- makakatawag ka 24 oras pitong araw sa isang linggo sa halaga ng isang lokal na tawag
- humiling ng interpreter kung kailangan.

### Pamamaraang Tulong sa Salapi para sa Pantulong na Medikal (Medical Aids Subsidy Scheme)

- naglalaan sa karapatdapat na mga residente ng Queensland na may permanenteng kapansanan at mga napatatag nang kalagayan o kapansanan, upang sila'y makakuha ng tulong na salapi para sa mga aprobadong gamit-pantulong at mga kagamitan gaya ng pantulong sa komunikasyon, pantulong sa pagpipigil ng ihi, pantulong sa pag-araw-araw na buhay, kasuutan para sa mga paa na may gradong medikal, pantulong sa paggalaw o pagkilos, pantulong sa pag-aayos ng depekto, halimbawa, sa buto (orthoses) at oksiheno (oxygen)
- tawagan ang : MASS Service Centre (07) 3250 8555 .

### Pamamaraang Panustos para sa Salamin sa Mata (Spectacle Supply Scheme)

- naglalaan sa mga residente ng Queensland ng marami at sari-sarnig salamin sa mata na pinakasimple at ayon sa reseta, nang walang bayad.
- karagdagang impormasyon : 13 HEALTH na linya 13 43 25 84

## Mga bata at kabataan

### Programa sa Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Program)

- isang malawak na programa sa kalusugan para sa mga may 0-12 taong gulang
- karagdagang impormasyon: Child Health Line (07) 3862 2333 o 1800 177 279 (labas ng Brisbane)

### Mga Klinika ng Pagbabakuna (Immunisation Clinics)

- mga Klinika ng Kalusugang Pambata (Child Health Clinics), ang ilan sa mga lokal na konseho at doktor pampamilya ay nagbibigay ng pagbabakuna sa mga sanggol at bata nang walang bayad
- karagdagang impormasyon: Child Health Line (07) 3862 2333 o 1800 177 279 (labas ng Brisbane)

### Programa sa Malusog na Pandinig (Healthy Hearing Program)

- ang lahat ng mga sanggol na ipinanganak sa Queensland ay inaalok ng pagsubok sa pandinig o pag-screen. Kung ang sanggol ay hindi nakapasa sa pag-screen ng pandinig, magbibigay ng rekomendasyon/referral sa iba pang serbisyo para sa karagdagang pagtingin/paggamot
- tumawag sa: (07) 3131 6814 Tagapag-ugnay sa lahat ng Estado (Statewide Coordinator)
- [http://www.health.qld.gov.au/hearing/translated\\_brochures.asp](http://www.health.qld.gov.au/hearing/translated_brochures.asp) impormasyon sa 19 na mga wika

### Mga Serbisyo sa Pangkaisipang Kalusugan ng Bata at Kabataan (Child & Youth Mental Health Services)

- libreng konsultasyon, pagtatasa (assessment), paggamot at pangangalaga na inilalahad ng ospital o mga serbisyong pangkomunidad sa mga batang may 0-18 taong gulang na nakakaranas ng mga karamdamang pangkaisipan
- karagdagang impormasyon: Queensland Transcultural Mental Health Centre (07) 3240 2833 or 1800 188189 (labas ng Brisbane)

### Linyang Pantulong sa mga Bata (Kids Help Line)

- makakatawag ang mga bata sa numerong 1800 551 800 para sa libreng tulong o suporta at payo 24 oras bawat araw